

# PROLOGUE

Bagaman nasanay rin sa marangyang pamumuhay, hindi pa rin naiwasan ni Rick na malula at humanga habang umiikot ang tingin niya sa napakagandang mansyon ng mga Altamirano. Halatang mamahalin at de-klase ang mga antique furniture na naroroon.

Iyon ang naging tirahan ng kanyang ama, ang dating mambabatas na si Rolando Altamirano, noong nabubuhay pa ito. At kung hindi lamang sa mga nangyari sa nakalipas, baka doon din siya tumira mula pagkabata hanggang ngayon. But ironically, iyon ang unang pagkakataong tumuntong siya sa mansyon ng amang kailanman ay hindi niya nakadaupang-palad...

Naputol ang paglalakbay ng isip ni Rick nang marinig niya ang mga yabag mula sa hagdanan. Nakita niya ang isang lalaki na bumababa roon. Their resemblance was quite remarkable. Mula sa kanilang physical features and complexion na halatang may dugong Kastila, sa pangangatawan, hanggang sa taas at tindig. Hindi naman nakakabigla kung maging kamukha niya ang kanyang half-brother, si Gabriel Altamirano.

Tumayo si Rick nang huminto ito sa harapan niya.

“Hello, brother. Or should I call you ‘Kuya?’” Lumapad ang ngiti nito nang idagdag ang huling linya.

Nakangiting umiling siya. “I’m only three years older than you, Gabriel. ‘Rick’ would be fine.” Ramdam na ramdam niyang totoo ang galak na nakikita niya sa hitsura nito. At kung natutuwa itong makaharap siya sa unang pagkakataon, ganoon din ang nararamdaman niya. Kapwa nararamdaman nila ang lukso ng dugo.

“Okay, Rick. Welcome to *Altamirano Mansion*, our father’s ancestral home.” Hindi nawawala ang ngiti nito. “Mas maganda kung pareho tayong mauupo,” alok nito. “Anita, dalhan mo kami ng merienda at maiinom,” utos nito sa katulong na nakatayo sa isang tabi.

“Opo, Sir.” Mabilis na tumalima ang inutusan.

Muling bumaling si Gabriel sa kanya at ilang saglit na tinitigan siya nito. “Ang lakas ng dugo ni Papa. Parang sa iisang sinapupunan lang tayo lumabas. We’re almost identical!” bulalas nito. “Sayang lang na ni hindi kayo nagkakilala.” Sandaling bumakas

ang lungkot sa mukha ng kaharap.

Tumango lang si Rick. Nakaramdam din siya ng lungkot sa sinabi nito.

Bumuntong-hininga ang kausap at nagkibit-balikat. “But I believe wherever he is now, masaya siya na sa wakas ay nakilala ko rin ang panganay na kapatid ko. As what I’ve told you when we had a talk on the phone, kahit hindi ikaw ang nag-initiate na hanapin ako at makipagkilala sa akin, bago namatay si Papa ay mahigpit na ibinilin niyang hanapin ko ang naging anak niya kay Milagros de Vera.

“Mula nang hindi na nagpakita sa kanya ang iyong ina ay wala na siyang anumang naging balita rito. He hadn’t any idea where your mother was. Laking pasasalamat ko nang makatanggap ako ng sulat mula sa iyo, bro. At least, hindi na ako nahirapang hanapin ka.” Tinapik siya nito sa balikat.

Hindi lang tapik sa balikat ang gusto niyang iganti sa kapatid. Gusto niyang yakapin ito. Mayroon pa siyang kapatid na babae, si Sharon. Pero iba rin iyong magkaroon ng kapatid na lalaki.

Dalawang taon na ang nakakaraan, sumakabilang-buhay ang nakilala niyang ama, si Cholo Santamaria, dahil sa prostate cancer. Nauna lang namatay nang

isang taon si Rolando Altamirano na colon cancer naman ang naging sakit. Bago malagutan ng hininga ang Daddy Cholo ni Rick ay ibinunyag nito ang pinakamatinding rebelasyon sa kanyang buhay—na ang tunay na ama niya ay ang dating congressman ng Quezon City, si Rolando nga.

Di-umano ay matagal na nitong kinukumbinsi si Milagros na ipagtatapat sa kanya ang totoo pero ayaw ng kanyang ina. Hanggang sa nakamatayan na lang nito ang lihim na iyon ng pagkatao niya noong kaga-graduate pa lang niya sa kolehiyo. Ayon kay Daddy Cholo, matindi ang hinanakit ng kanyang ina sa tunay niyang ama. Niloko raw ito ni Rolando, pinaibig at binuntis bago ito umamin na may asawa na pala.

Siyempre pa, labis na nabigla si Rick sa rebelasyon. Pero naisantabi niya muna iyon dahil sa pagkamatay ng nakilalang ama. Marami pa siyang inayos tungkol sa mga naiwang ari-arian nito na mamanahin nila ni Sharon kaya lumipas ang dalawang taon bago niya naharap ang pakikipagkita kay Gabriel.

Hindi naman siya nahirapang hanapin ang half-brother. Bukod sa isang political figure ang kanyang tunay na ama, minsan ding naging sikat si Gabriel nang maging *PBA* player ito nang ilang taon bago

iniwan din ang basketball at nag-concentrate na lamang sa mga negosyong iniwan ni Rolando. And like him, Gabriel was still single.

“To tell you the truth, bro, this is one of my happiest days, ang makilala ang nag-iisang kapatid ko.”

Naudlot ang paglalakbay ng kanyang isipan nang marinig niya ang tinig ng lalaki.

“Ako rin naman, Gabriel. Although I didn’t have an opportunity to meet my real father, masaya na rin ako dahil napunuan ng presence mo at ng younger sister ko ang pagkaulila sa mga magulang,” pahayag ni Rick.

“Oh! I’m looking forward to meet your sister. Sana magkasundo rin kami.”

“Sigurado iyon. May pagkamakulit at kalog si Sharon, but she’s really kind and sweet. Magkasing-age din kayo.”

Ngumiti ito. “Ibig bang sabihin niyan, magiging isang masayang pamilya tayo?”

Hindi siya kaagad na nakasagot. Ano ba ang ibig sabihin ni Gabriel sa sinabi nito?

“Gusto ko sanang dito ka na rin tumira, Rick.

Okay lang na isama mo ang kapatid mo. Ipinamana ni Papa sa atin ang bahay na ito, maging ang lahat ng ari-ariang naiwan niya,” patuloy ng kapatid.

“Bagaman gusto ko ring makasama ko ang isa ko pang kapatid, hindi ganoon kadaling gawin iyon, Gabriel. Marami pa ring dapat isaalang-alang. Hindi ko rin basta maiiwan ang bahay na iniwan ni Daddy Cholo at ang ilang negosyong iniwan niya sa aming magkapatid. Hindi kaya ni Sharon na i-manage iyon nang mag-isa,” paliwanag ni Rick.

“I’m not saying na iwan mo ang mga ipinamana sa iyo ng nakilala mong ama. Ang gusto ko lang, maging bahagi ka rin ng legacy na iniwan sa atin ng Papa,” katuwiran nito.

Ilang minuto ang lumipas bago niya nagawang sumagot. “Okay. Kasama mo ako sa pagtataguyod ng mga naiwan ni Papa.”

Sa pagkakataong iyon ay niyakap siya ni Gabriel nang mahigpit. “Maraming salamat, bro. Although you’re not carrying our father’s name, dugo ng mga Altamirano ang nananalaytay sa mga ugat mo.”

# 1

Isang matandang babae ang nagbukas ng pinto kay Rick. Sa tantya niya ay nasa late sixties na ang edad nito.

“Magandang tanghali po,” nakangiting bati niya.

“Magandang tanghali rin sa iyo, hijo.”

*Siya marahil si Charito Maravilla*, sa isip-isip niya habang nakangiting nakatingin sa matanda. Maliit lamang ito pero halatang malakas pa kumpara sa mga kasing-edad nito. Isang bulaklaking duster ang suot ng babae. Ang hanggang balikat na buhok na mas lamang na ang kulay puti ay maayos na nakasuklay. Maaliwalas ang mukha nito; halatang maganda ito noong kabataan.

Kung ito nga si Charito Maravilla, ngayon pa lang niya nakaharap ang nagmamay-ari ng *Maravilla House*, ang transient house sa Baguio na minsang tinuluyan ng kapatid niyang si Gabriel, ngunit labis na nitong hinangad na ma-acquire ng *Altamirano Builders* upang gawing isang leisure complex.

Tatlong beses nilang pinadalhan ng sulat si Charito upang ipakita ang kagustuhan nilang bilhin

ang nasabing property. Sa unang dalawang sulat nila ay wala silang natanggap na sagot mula rito. Sinagot naman nito ang ikatlong sulat nila, ngunit magalang na tinanggihan ng babae ang alok nilang ipagbili sa *Altamirano Builders* ang transient house nito. Pinagkadiinan pa nito sa sulat na wala itong balak ngayon o sa mga susunod na panahon na ipagbili sa kahit sino ang *Maravilla House*.

*“Bakit kasi nandoon ka na pala ay hindi mo pa kinausap nang masinsinan si Charito Maravilla? Baka sakaling kung magkaharap kayo at naipaliwanag mo nang personal ang mabuting layunin mo sa lugar na iyon ay nakumbinsi mo,”* naalala ni Rick na sinabi niya kay Gabriel bago siya tumungo sa Baguio.

*“Hindi ko naman agad naisip na baka sakaling mabili ko iyong property. Nasa eroplano na ako pauwi rito sa Manila nang pumasok iyon sa isip ko. Ni hindi ko nga nakita iyong may-ari. Basta nalaman ko lang sa pinirmahan kong payment receipt na Charito Maravilla ang pangalan ng proprietress.”*

*“Ano naman ang ipinagkaiba kung sasadyain ko ang transient house na iyon? Sakaling makausap ko ba siya ay mapagbabago ko ang isip niya na ipagbili sa atin ang property niya?”* katuwiran ni Rick. Kinukumbinsi siya nitong pumunta sa Baguio at tumuloy sa Maravilla



*House para makaharap at makausap ang may-ari.*

*Ngumisi ito. "I have no idea kung ilang taon na 'yang si Charito Maravilla, o kung may-asawa na. Pero sa tingin ko ay matanda na 'yan. Kung iyong mga young and beautiful women nga ay nama-magic ng karisma mo, baka umubra din sa mga matrona na."*

*Pabirong binato niya ito ng bean bag na nahagilap niya sa sala ng Altamirano mansion. "Loko ka talaga! Sa tingin mo ba'y magagawa ko iyon? Bakit kaya hindi ikaw ang gumawa ng kalokohang naisip mo?"*

*Matigas ang naging pag-iling ng kapatid. "No way! Baka mamaya malaman pa ni Sharon. Tiyak na maghahalo ang balat sa tinalupan."*

*Napangiti si Rick sa bahaging iyon ng naging pag-uusap nila. Their relationship was more bonded now. Gabriel was not only his half-brother, he was also his brother-in-law. Hindi lang nagkasundo ang mga kapatid niya sa ama at sa ina, kundi nagkagustuhan pa. At ngayon ay apat na taon nang kasal ang dalawa. At biniyayaan pa ng napakaganda at napakabibang anak na si Cassandra na tatlong taong gulang na.*

*And what an irony of life. Ang apelyidong dapat na tinaglay niya ay ang kapatid niyang babae ang gumagamit ngayon!*

“Ah... eh... hijo, may nakakatawa ba sa hitsura ko?”

Ang sinabing iyon ng matandang kaharap ang pumutol sa paglalakbay ng isip niya. Wala siyang kamalay-malay na nangingiti siya dahil sa naisip habang nakaharap sa babaeng inaakala niyang si Charito Maravilla.

“Pasensya na po, Ma’am. May bigla lang po kasi akong naisip na nakakatawa. Ipagpaumanhin po ninyo,” magalang na sabi ni Rick. Ito nga siguro ang pakay niya. Walang anumang bakas sa hitsura nito ang pagiging matrona. She looked decent and delicate. Bigla tuloy niyang na-miss ang kanyang ina.

“Walang anuman, hijo. Nagulat lang ako nang bigla, eh, napangiti ka. Halika, pumasok ka,” anyaya nito. “Noong isang araw pa nga namin inaasahan ang pagdating mo.”

Kung nagulat siya sa biglang pag-aanyaya nitong pumasok siya gayong hindi pa nga nito alam kung sino siya, higit siyang nagulat sa huling sinabi nito.

Inaasahan nito ang pagdating niya? Muli bang sumulat si Gabriel dito para ipagbigay-alam ang pagdating niya? Pero walang dahilan para gawin iyon ng kapatid. Baka nga makasama pa kung i-a-

announce nila ang pagpunta niya roon.

“Sige na, hijo. Huwag ka nang mahiya. P’asok ka na. Mukhang nilalamig ka na nang husto diyan sa labas,” untag ng kausap nang ilang sandali siyang natigilan.

Parang noon lang din niya naramdaman ang matinding ginaw. He was not wearing a jacket. At sa buwan na iyon ng Disyembre ay lalong bumaba ang temperatura sa Baguio.

Pumasok ang binata. Siya na rin ang nagsara ng pinto. Nakita niyang naghihintay ang matanda na makalapit siya bago nito tinungo ang sofa. Hindi lang ang sala set ang halatang luma kundi maging lahat ng kagamitang naroroon. The house, though huge, was old and dilapidated. Pero ang bakuran sa labas ay napakalawak. It could be renovated, made to be what they wanted it to be. Gaya nga ng isang leisure complex.

Umupo siya sa sofa at inilibot ang tingin sa paligid. Walang sinumang naroroon maliban sa kanila ng matanda. May fireplace sa isang sulok ng bahay. The fire gleamed in the darkened place.

Napakalayo ng bahay na iyon sa mga napuntahan na niyang hotel at kahit iyong pinakamaliit na

transient house. And yet, just being here gave him a warm feeling, as if he had finally come home...

Nang muli niyang tingnan ang babaeng iniisip niyang si Mrs. Maravilla ay curious na pinagmamasdan siya nito.

“Masyado na yatang huli ang pagdating mo, Mr. Solis. Noong isang araw pa namin inaasahan ang pagdating mo,” anito.

Nagsalubong ang mga kilay ni Rick sa pagtukoy nito sa kanya. Mr. Solis? Who the hell was she mentioning? Mukhang may iba pa itong inaasahan. At ipinagkamali nitong siya ang kung sinumang inaasahan nitong darating. Iyon pala ang paliwanag kung bakit ganoon na lamang ang mga ikinikilos nito mula pa kanina.

Akmang itatama niya ang pagkakamali nito pero muling nagsalita ang babae.

“Pasensya na nga pala uli. Kanina pa tayo nag-uusap ay ni hindi ko man lang naipapakilala ang sarili ko. Ako nga pala si Lumen. Pero ‘Nanay Lumen’ na lang ang itawag mo sa akin. Iyon naman ang tawag ng lahat sa akin,” nakangiting sabi nito.

Lalong nadagdagan ang pagkalito ni Rick dahil sa pangalang binanggit nito.

“Hindi kayo si Charito Maravilla, ang may-ari ng transient house na ito?” paniniguro niya.

Natawa nang malakas ang matanda. “Naku, hindi! Ano ba’ng pumasok sa kukote mong bata ka at naisip mong ako si Charito Maravilla?” anito. “Ang pangalan lang ni Chat ang mukhang matanda pero bata pa siya. At lahat ng kakilala niya’y ‘Chat’ ang tawag sa kanya.”

“Ganoon ho ba?” ang tanging nasabi ni Rick. Akmang itatama niya ang pagkakamali nitong siya si Mr. Solis, pero muli ay na-interrupt siya ng kaharap.

“Sa pagkakatanda ko ay Ricardo ang pangalan mo, Mr. Solis? Tama ba ako?”

Mangani-nganing mapasipol si Rick. What a coincidence! At Ricardo rin pala ang pangalan ng lalaking pinagkamalan nitong siya. Napatango na lang uli siya.

“Rick’ na lang ho ang itawag n’yo sa akin. Huwag na huwag n’yo na ho akong tatawaging ‘Mr. Solis’,” mariing paalala niya. *Dahil hindi naman ako iyon,* dagdag pa niya sa isip. Hindi niya malaman kung bakit hindi na rin niya itinama ang pagkakamali nitong siya ang panauhing hinihintay ng mga ito.

“Kung iyan ang gusto mo, Rick,” anang matanda.

May sasabihin pa sana ito nang makarinig sila ng pagbubukas at pagsasara ng pinto. “Si Chat siguro ’yan. Mukhang kagigising lang niya. Malapit na kasi ang exam nina TJ bago mag-Christmas vacation kaya panay na ang pag-re-review niya sa bata. Kagabi yata ay halos mag-a-ala-una na sila natapos sa pag-re-review.”

TJ? Sino naman iyon? Anak ni Charito?

“Mabuti pa nga’y kayo na ang mag-usap ni Chat,” sabi ni Nanay Lumen.

Mabuti nga siguro. Mismong sa babae na niya itatama ang pagkakamali ni Nanay Lumen. Sasabihin na rin niya rito ang pagnanais na tumuloy roon ng kahit dalawa hanggang tatlong araw. Kukuha na lamang siya ng magandang pagkakataon para muling buksan dito ang pagnanais ng *Altamirano Builders* na bilhin ang transient house. Baka sakaling kung magkakaharap sila ay magamit niya ang sinasabi ng marami na convincing power niya.

Pero ang lahat ng nasa isipan ni Rick ay tila hinipan ng napakalakas na hangin palayo nang tumambad sa kanyang harapan ang babae. Malayung-malayo ito sa Charito Maravilla na inaasahan niyang makita. She was a woman probably in her mid-twenties. And she was not just a woman, but a very beautiful woman.

She was ethereally lovely!

Ang maganda at tila nangungusap na mga mata nito ay lalong nakakahalina dahil sa mahahabang pilik. Maliit ngunit may katangusan ang ilong nito. Ang makinis na mga pisngi ay bahagya pang namumula marahil ay dahil sa pagtulog. At kumbaga sa boxing, pang-knockout ang mapupulang labi nito. Medyo magulo pa ang itim na itim at lagpas-balikat nitong buhok, pero hindi nakasira iyon sa napakagandang tanawing nakikita niya rito. Kailangan pa niyang ikuyom ang kanyang kamay upang pigilan ang sariling suklayin at damhin ang buhok nito.

Lahat yata ng physical features nito ay wala siyang itulak-kabigin.

“Chat, sa wakas ay dumating na rin si Mr. Solis... ay, ayaw pala niyang magpatawag ng ganoon. ‘Rick’ na lang daw ang itawag natin sa kanya. Natawa nga ako sa batang ito, inakala niyang ako si Charito Maravilla,” masiglang anunsyo ni Nanay Lumen sa babae. Bumaling ito sa kanya. “Rick, siya ang totoong Charito Maravilla.”

Hindi nakaligtas sa pansin ni Rick kung paano siya tinitigan ng babae mula ulo hanggang paa na tila sinusuri nito ang pagkatao niya. At sa kauna-unahang pagkakataon ay noon lamang siya nakaramdam ng

uneasiness sa pagtitig ng isang babae. Karamihan sa mga babaeng nakilala niya, kung titigan siya ay parang hinuhubaran siya pero ni hindi man lang siya naapektuhan.

Iba ang dating sa kanya ng babaeng ito gayong malayung-malayo ito sa mga moderna, liberated, at city women na nakilala niya. Tipikal na probinsyana ang dating nito.

“Ikaw si Ricardo Solis?” tila paniniyak pa ng babae.

Iyon na ang tamang pagkakataon upang itama niya ang nangyaring mistaken identity. Ngunit hindi niya maintindihan kung bakit sa halip na iyon ang gawin ay iba ang lumabas sa kanyang mga labi.

“Yes. It’s nice to meet you, Miss Maravilla.” Inilahad niya ang palad upang makipagkamay rito. “Or if you don’t mind, I would choose to call you ‘Chat’?”

Tumango ito, pero tiningnan lang ang kamay niyang nakalahad. “I wouldn’t mind. Anyway, akala namin ay hindi na kayo darating.”

“But I’m here now.” Hindi na dinagdagan ni Rick ang sinabi. Inisip kasi niyang baka kapag nagdagdag pa siya ng kasinungalingan ay mabuko nito ang



pagiging impostor niya. Mukha pa namang hindi madaling lokohin ang babaeng ito.

Bakit nga ba ginawa niya iyon? Maging sa sarili ay hindi maipaliwanag kung bakit sumakay siya sa malaking pagkakamaling iyon sa halip na itama ang sitwasyon. Ano ba ang mayroon sa Charito na ito? This simply wasn't like him. He could never before remember an instantaneous response like this to any woman. Lalo na ang katulad ng babaeng ito.

He didn't know what was happening to him!

---

Malayung-malayo ang hitsura ng lalaking kaharap niya nang mga sandaling iyon sa inaasahan niyang hitsura ni Ricardo Solis. Iyon ang nasa isip ni Chat habang nakatingin siya sa bagong dating na bisita ng *Maravilla House*.

He was tall and distinguished. But a stern man also, she would guess by the harsh lines beside his nose and mouth.

Maganda rin ang mga mata ng lalaki. Masyadong expressive sa kung ano ang nararamdaman nito. At hindi naikaila sa mga mata nito ang tila kalungkutan at pagkalitong nasa puso nito, mga naramdaman din niya noong mamatay ang kanyang ina dahil sa

komplikasyon sa panganganak sa nag-iisang kapatid niyang si TJ pitong taon na ang nakakalipas.

“Maiwan ko na kayo, Chat,” paalam ni Nanay Lumen. “Si Chat na ang bahala sa iyo, Mr. Sol—”

“Rick na lang po,” putol ng lalaki sa pagsasalita ng matanda. Parang ayaw na ayaw nitong matawag sa apelyidong iyon.

*He’s really very tense, lihim na pansin ulit niya.*

“Ay, sorry. Nakalimutan ko,” mabilis na sabi ng matanda. Tumalikod na ito at tinungo ang kusina.

“Maayos na ang kuwartong tutuluyan mo, Mr. Sol—”

“It’s Rick,” muling paalala ng lalaki. “Please call me by my first name, and I would call you the same. I hate formalities.”

Tumango na lang si Chat. “As I’ve said, nakahanda na ang kuwartong tutuluyan mo, Rick, kahit na dalawang araw kang late sa araw na inaasahan naming darating ka.” Ngumiti siya. “Nagtataka lang ako na pinili mong sa ganitong panahon pumunta rito sa Baguio. Sa sobrang lamig ng klima ngayon dito, halos karamihan ng mga taga-rito ay gustong bumaba ng Maynila.”

Rick looked at her wordlessly for several seconds. He seemed undecided, which she guessed was an unfamiliar emotion to him.

“Ikaw lang ang mag-isang nag-ma-manage ng transient house na ito, Charito? At your very young age?” Nagsalita na ito bago pa siya ganap na mailang sa walang habas na pagtitig nito sa kanya.

“Chat na lang. Pakiramdam ko’y tumatanda ako nang husto kapag tinatawag ako sa buong pangalan ko. Though hindi na ako masyadong bata katulad ng sinabi mo. I’m already twenty-nine.”

“Twenty-nine? Really? You look ten years younger than your real age.”

“Don’t flatter me, Mister. Anyway, tungkol sa una mong tanong... yes, ako ang mag-isang namamahala nito for almost seven years now. Of course, nariyan si Nanay Lumen. At tatlong kuwarto lang ang ini-o-offer ng transient house na ito kaya hindi naman mahirap.” Hindi na siya nagdagdag pa ng ibang impormasyon bagaman may pakiramdam siyang ang nais nitong malaman ay kung nasaan na ang mga magulang niya.

Tumayo na si Chat para hindi na humaba pa ang kanilang pag-uusap. “Kukunin ko lang ang susi ng kuwarto mo. You can take a rest habang naghahanda

ako ng makakain mo. I hope hindi ka naman maselan sa pagkain. Although I can guarantee you kung gaano kagaling magluto si Nanay Lumen. Siya ang may kontrol sa kusina.” Sinadya niyang pagaanin ang pagsasalita. Bagaman hindi nila kilala nang lubos ang isa’t isa, kailangang magkasundo sila kahit sa maikling panahong pananatili nito—siya bilang namamahala sa *Maravilla House*, at ito bilang tenant doon.

Tinalikuran na niya ang kausap upang kunin sa kanyang silid ang susi ng magiging kuwarto nito. Pero ramdam na ramdam niya ang nakasunod na tingin nito sa kanyang likod. Sa kauna-unahang pagkakataon, may isang lalaking sa unang araw pa lang niyang nakilala ay naapektuhan na kaagad siya nang ganoon. She had a vague feeling of disquiet, as if her world would never be quite the same again from this moment on....

## 2

Nasa loob na si Rick ng kuwartong tutuluyan niya sa *Maravilla House*, o sa mas tamang salita, sa kuwartong tutuluyan ng nagngangalang Ricardo Solis na ipinagkamaliang siya, pero hindi na niya itinama.

*What the hell am I doing?* nalilitong tanong niya sa sarili. Dapat nga ay itinama niya ang nangyaring *mistaken identity*, pero may kung anong pumigil sa kanya na gawin iyon.

Biglang luminaw sa kanyang isip ang imahe ng magaganda at nangungusap na mata ni Chat na kaagad din niyang itinaboy. Isang malaking kaistupiduhan kung dahil lang sa babaeng iyon kaya sinakyan niya ang pagkakamali sa pagkatao niya. Ang talagang dahilan ay nais niyang makausap ito sa tamang pagkakataon sa pagbabaka-sakaling makumbinsi niya itong ipagbili sa kanila ang transient house. Besides, he really wanted to take a break mula sa pagiging sobrang abala sa negosyo ng kanilang pamilya.

Isang paraan kasi ang pagiging subsob ni Rick sa trabaho upang ganap niyang makalimutan ang pagkabigo. Mag-iisang taon na ang nakalilipas mula

nang umalis ng bansa si Rose Ann, ang nobya niya. Nagtapos ang apat na taon nilang relasyon pagkatapos nitong piliin ang karera nito bilang international ramp model kaysa sa kanya. Hindi lang ang puso niya ang nasagasaan kundi pati ang kanyang ego.

Napailing si Rick sa sandaling pagbabalik-tanaw na iyon. Kumpara noong unang mga buwan pagkatapos nilang maghiwalay ni Rose Ann, bahagya na siyang naka-recover. Hindi na ganoon kasakit.

*Lalo na ngayong nakilala mo ang napakagandang si Charito Maravilla.* Hindi niya alam kung saan nanggaling ang maliit na tinig na iyon na tinutudyo siya.

Inilibot ng binata ang tingin sa kinaroroonang silid. It was as worn and faded as the rest of the house, but it was clean and comfortable, and somehow homely and welcoming. Ang banyo ay nasa ibaba. Hindi siya sanay sa ganoong setup pero sa kabila ng lahat ng iyon, hindi niya maipaliwanag kung bakit pakiramdam niya at home kaagad siya roon.

Tiyak na hindi maniniwala ang mag-asawang Sharon at Gabby kapag nalaman ng mga itong may plano siyang i-extend ang pananatili roon. Baka mamaya lang ay makatanggap siya ng tawag sa kanyang CP mula sa mga ito.

Naisip niya ang Ricardo Solis na inaasahan nina Chat na darating. Sa kung anumang dahilan at hindi ito nakarating doon, obviously ay hindi na nito pinag-aksayahan ng oras na ipinagbigay-alam sa dalaga. Sana nga ay ganoon ang nangyari. Tiyak na malalagay siya sa alanganing sitwasyon at paghinalaan pa nina Chat at Nanay Lumen kung bigla ay susulpot doon ang tunay na Ricardo Solis. Lalo na kapag natuklasan ng mga itong isa siya sa may-ari ng *Altamirano Builders*.

Oh, hell! He should leave here now. Iyon ang dapat niyang gawin. And yet somehow, he couldn't do it. For the very first time in a very long time, he felt at peace.

---

Bagaman hindi pa gutom ay minabuti ni Rick na bumaba na sa kusina upang mananghalian nang kumatok sa silid niya si Nanay Lumen. Halos wala pang tatlong oras ang nakakalipas nang kumain siya ng almusal. Napatunayan niya kaninang tama si Chat nang sabihin nitong masarap magluto ang matanda.

Naabutan niya sa komedor ang matandang babae na naghahain ng pagkain sa mesa. Nakaupo sa isa sa mga upuan doon ang isang batang lalaking marahil ay nasa anim hanggang pitong taong gulang ang edad.

Napalingon ito sa kanya.

“Hello po. Ikaw po ba `yong may-ari ng magarang kotse na nakaparada sa labas?” walang ligoy na usisa ng bata. Ngiting-ngiti ito sa kanya.

Naaliw naman si Rick sa sinabi nito. Tumango siya. “Hi! What’s your name, little boy?”

“Ako po si TJ. Ate ko po si Ate Chat. Kayo po? Ano po’ng pangalan n’yo? Puwede po bang umangkas sa kotse mo?”

“Ikaw talagang bata. Ngayon mo pa lang nakita si Rick; kung magsalita ka, akala mo’y matagal na kayong magkakilala. At humiling ka pa agad,” nailing na sabad ni Nanay Lumen. Tumingin ito sa kanya. “Pasensya ka na sa katabilan ng batang iyan, hijo. Ganyan talaga siya kahit sa mga taong hindi pa niya lubos na kilala, basta maramdaman agad niyang gusto niya.”

“Okay lang ho iyon, Nanay Lumen. Gusto ko nga ang mga batang tulad ni TJ, hindi mahiyain,” aniya, saka nakangiting yumuko sa paslit. Masuyong ginulugulo niya ang buhok nito. “Di ba, TJ? Ako nga pala si Rick. ‘Kuya Rick’ na lang ang itawag mo sa akin. Okay ba sa iyo iyon?”

“Opo, Kuya Rick. Nakaka-miss nga pong



magkaroon ng kuya kasi palaging nagkukulong sa kuwarto niya si Kuya Arvin kaya wala akong kalaro dito pagkagaling ko ng school.”

Hindi niya napigilan ang pag-angat ng isang kilay. Sino ang Kuya Arvin na tinutukoy nito? Napatingin siya kay Nanay Lumen. Narinig naman nito ang pagbanggit ni TJ sa nasabing lalaki.

“Ang tinutukoy niya ay si Arvin, kababata ni Chat na nagbabakasyon din dito sa Baguio. Mahigit dalawang linggo na siyang nag-i-stay dito. Taga-Maynila rin siya. Madalas kasing nasa kuwarto niya si Arvin. Ang sabi sa akin ni Chat ay manunulat daw iyon ng mga libro.”

“Ah.” Napatangu-tango na lang si Rick.

“Maupo ka na, hijo. Samahan mo na kami ni TJ sa pagkain nang maiba naman ang pananghalian namin ngayon. Palagi nang kaming dalawa lang ang sabay sa tanghalian. Si Chat kasi ay may mga batang tinuturuan araw-araw. Mamayang alas siete pa ang uwi niya. Si Arvin naman, kadalasan ay nagpapaakyat na lang ng pagkain sa kuwarto niya,” pahayag ni Nanay Lumen.

“Ganoon po ba? Sige po, mas masarap talagang kumain pag may kasalo.” Umupo na siya sa silyang

katabi ng inuupuan ni TJ. Kung kanina ay hindi pa siya nagugutom, ngayon ay biglang tila nagreklamo ang kanyang sikmura pagkakita niya sa kare-kareng inihahain ng matanda. “Wow! Ang paborito kong ulam!”

“Natutuwa naman ako’t nagugustuhan mo ang luto ko. Kain ka lang, hijo, para ganahan din itong alaga ko na parang ibon kung kumain kaya lampayatot. Walang ibang alam na pagkain kundi hotdog at pritong manok,” anang matanda. Umupo na rin ito sa isa pang silya.

Naging magana si Rick sa pagkain. Nahawa yata si TJ kaya marami rin itong nakain. Habang kumakain silang tatlo, may kakaibang ligaya siyang naramdaman sa kanyang puso. He had never felt this kind of heartwarming feeling for many years. Madalas ay mag-isa lang siyang kumakain sa kanyang condo unit o di kaya ay sa iba’t ibang restaurants. Nakakasabay lang niyang kumain ang pamilya kapag pumupunta siya sa bahay nina Sharon at Gabby.

Higit sigurong saya ang mararamdaman niya kung naroon pa si Chat...

*Aw!* naibulalas niya sa kanyang isip. Bakit ba palagi na lang pumapasok sa isip niya ang dalaga mula nang makilala niya ito kani-kanina lamang? Ano bang klaseng karisma ang taglay nito?

“Kuya Rick, okay lang po ba pag wala kayong ginagawa, iangkas n’yo ako sa car n’yo?” tila naglalambing na hiling ni TJ sa kanya habang ngumunguya pa.

“Oy, mahiya kang bata ka. Ano’ng akala mo kay Rick, walang gagawin dito sa Baguio para ipasyal ka lang? Tiyak na pagagalitan ka ng Ate Chat mo kapag isinumbong kita. Saka di ba palaging sinasabi sa iyo ng ate mo na huwag kang magsasalita pag may laman ang bibig mo?” pagalit na saway ni Nanay Lumen sa bata. Kapagkuwa’y bumaling ito sa kanya. “Pasensya ka na sa batang ito, hijo.”

Uminom muna si Rick ng orange juice bago tumugon. “Wala hong kaso iyon, Manang. Talagang bakasyon lang ang pakay ko dito sa Baguio.” Nakangiting tumingin siya sa kapatid ni Chat. “Don’t worry, TJ. Mamayang hapon ay ipapasyal kita. Pero kailangang matulog ka muna ng tanghali at kailangan ding nagawa mo na ang assignments mo bago tayo umalis. Baka mapagalitan ako ng ate mo.”

“Sige po, matutulog muna ako. Wala naman po kaming assignments. Saka next week po Christmas vacation na kaya wala na kaming gaanong ginagawa ngayon,” sagot ng bata.

Muli ay magiliw na ginulo niya ang buhok nito.

“Okay. After you take a nap, isasakay kita sa kotse ko at dadalhin kita saan mo man gusto.” Bumaling siya kay Nanay Lumen. “Iyan ay kung ipagkakatiwala ka ni Manang sa akin. Okay lang ho sa akin kung tumanggi kayo. Ngayon n’yo lang ako nakilala. At alam kong sa takbo ng panahon ngayon ay mahirap na basta na lang magtiwala.”

“Tama ka, hijo. Kung naiba-iba ka siguro’y hindi ko basta ipagkakatiwala ang alaga ko. Pero nararamdaman kong hindi ka masamang tao. Maaari mong isama si TJ. Ako na ang bahalang managot kay Chat.”

“Maraming salamat po.”

Halos magtatalon naman sa tuwa ang bata.

Bago sila natapos sa pagkain ay may ilang bagay pa siyang nalaman. Ni hindi pala kamag-anak ng magkapatid si Nanay Lumen. Apat na taon ang nakakalipas ay natagpuan ni Chat ang matandang palabuy-laboy sa kahabaan ng Session Road. Iniuwi ito ng dalaga sa transient house, pinakain, at kinalinga. Nalaman nito na tumakas pala si Nanay Lumen mula sa isang institusyong nangangalaga sa matatanda. Di-umano’y sobrang kalungkutan ang naramdaman ng yaya ni TJ. Matandang dalaga ito at inilagak na lamang ng mga pamangkin sa institusyon dahil hindi

na maalagaan at nagsipuntahan na sa ibang bansa.

Nagawa ni Chat na makuha nang legal ang custody kay Nanay Lumen pagkatapos ng napakahabang proseso. Ito na ang naging katu-katuwang ng una sa pagpapalaki kay TJ at sa pamamahala sa transient house.

“Mahal na mahal ko ang magkapatid. Sa kanila ko nadama ang tunay na pagmamahal ng isang kapamilya kahit hindi nila ako kadugo,” dagdag pa ni Nanay Lumen sa pagsasalaysay nito.

“Marami ho talagang tao na kahit hindi nila kadugo ay minahal nila nang husto,” ani Rick. *Tulad na lang ng ibinigay na pagmamahal ni Daddy Cholo sa akin.* Sa isip na lang niya sinabi iyon.

“Masuwerte akong nakatagpo ako ng isa sa kanila. Kaya naman ipinangako ko rin sa sarili kong habang nabubuhay ako ay hinding-hindi ko hahayaang masaktan sina Chat at TJ, lalo na si Chat. Alam mo bang napakaraming nanliligaw sa batang iyan at lahat ay kinikilatis ko nang husto. Marami rin sa kanila ang nararamdaman kong sinsero pero hindi sila gusto ni Chat.”

Ngumiti lang si Rick. Ano ba ang sasabihin niya? Na maging siya ay kaagad na na-attract sa dalaga?

Baka imbis na maging kaibigan niya si Nanay Lumen ay maging kaaway pa niya ito.

Wala pa siyang gaanong alam tungkol sa kanyang landlady. At sa kaibuturan ng kanyang puso, nais niyang makilala ito nang husto. Mapasok ang pagkatao nito.

Mukhang nabaligtad pa yata ang sitwasyon ngayon. Kung noong una ay ang *Maravilla House* ang interes niya kaya siya sumadya roon, ngayon ay parang ang magandang dalagang nagmamay-ari niyon ang hinahangad niya!

---

*My new boarder is a very contradicting man.* Iyon ang nasa isip ni Chat habang inihahanda niya ang kanilang hapunan nang gabing iyon. Siya ang tokang mamahala ng pagluluto ng pagkain tuwing hapunan. Ayaw kasi niyang masyadong mapagod si Nanay Lumen.

Paano niyang hindi maiisip na napaka-contradicting ni Rick, he looked stern and uncompromising when she first met him. Pero nang mga oras na iyon ay para itong kasing-edad ni TJ na nakikipaglaro ng Scrabble sa kapatid niya sa sala. Sa tingin niya ay bumata ang hitsura nito nang kung ilang taon kapag

tumatawa habang disimuladong sinusulyapan niya ito mula sa kusina. Hanggang ngayon ay dala pa rin ni TJ ang kasiyahan sa pamamasyal ng mga ito sakay ng magarang *Mercedes-Benz* ng lalaki.

Hindi niya maintindihan ang sarili dahil hindi siya nagalit sa ginawa nitong pagdadala sa kapatid niya sa kung saan-saan gayong halos estranghero pa ito sa kanila. Lalo na nang unahan kaagad siya ni Nanay Lumen na ito ang nagbigay ng basbas kay Rick na maisama si TJ.

Nararamdaman din niyang totoo sa kalooban ng binata na nag-e-enjoy ito sa pananatili sa transient house kahit halatang hindi ito sanay mag-stay sa ganoon kasimpleng lugar.

She knew that he didn't want to leave their place.

Nahiling lang niyang sanay ay hindi makagulo ang presence nito sa bahay na iyon, lalung-lalo na sa kanya.

Minabuti niyang tawagin na sina Rick at TJ. Si Nanay Lumen ay kabababa lang mula sa paghahatid ng hapunan kay Arvin sa kuwarto. Madalang na sumalo sa kanila ang kaibigan, lalo pa ngayon na tiyak na nabalitaan na nito na nandoon si Rick sa bahay na iyon.

“Tama na ’yang laro. Kakain na tayo.”

“Kumakalam na nga ang sikmura ko kanina pa. Amoy na amoy kasi ang sarap ng tinolang manok,” nakangiting sabi ng lalaki. Tumayo na ito. “Tara na, TJ. Baka mapagalitan na ako ng ate mo kapag napuyat ka sa kalalaro. May pasok ka pa bukas.”

“Huwag mong ikukumpara ang luto ko sa luto ni Nanay Lumen. Her cooking prowess is incomparable,” babala ni Chat kay Rick. Lihim na nahigit niya ang paghinga habang hindi niya napigilan ang sariling pagmasdan ito mula ulo hanggang paa. She had seen a lot of gorgeous men, ang ilan sa mga iyon ay mga manliligaw niya. Pero bakit sa lalaking ito ay labis na naapektuhan siya? Simpleng polo shirt at denim pants lang naman ang suot nito, pero may kung anong makapangyarihang panghalinang taglay ito.

“Is something wrong?”

She looked up at the guy and found him watching her intently. Mabilis na hinamig niya ang kanyang composure na saglit na nawindang.

*You’re becoming ridiculous, Chat. You don’t even know this man!* lihim na saway niya sa sarili.

“Wala,” sagot niya. “Tara nang kumain.” Simula noong nabubuhay pa ang kanyang mga magulang,



nasanay na silang isabay nila sa pagkain ang mga tumutuloy sa transient house. Kahit wala na ang mga ito at siya na ang namamahala ay hindi niya inalis ang tradisyong iyon.

“Hindi ko yata nakikita iyong isa pang boarder dito. Kung hindi ako nagkakamali ng pagkakatanda, Arvin ho ang pangalan n’on, Nanay Lumen, di ba?” ani Rick nang sabay-sabay na silang kumakain.

Nagulat si Chat sa narinig. Paano nito nalaman ang tungkol sa kaibigan niya?

“Ay, nabanggit ko kay Rick ang tungkol kay Arvin, Chat. Nabanggit din kasi ni TJ,” sabat ni Nanay Lumen na marahil ay nakita ang pagkunot ng noo niya. “Bibihira lang sumabay sa pagkain si Arvin, Rick. Nagpapahatid na lang siya sa kuwarto niya,” paliwanag nito.

“Ganoon talaga ang mga writers. Mas gusto nilang mapag-isa lalo na’t nasa gitna sila ng pagsusulat. They don’t want to be disturbed, kaya madalas na nagpapahatid na lang siya ng pagkain sa kuwarto niya.” Ayaw sana niyang magpaliwanag, pero baka isipin ng lalaking ito na may pinapaboran siya sa kanyang mga tenants.

Anyway, Arvin was not just an ordinary guest. He

was her friend since time immemorial. They shared a lot of memories. May pagkakataon pa ngang naging romantic ang pagtingin nila sa isa't isa, pero hindi rin na-develop nang husto. They both realized that they were not meant to be as sweethearts. Mas nakahihigit ang platonic feeling nila sa isa't isa kaya nanatili silang magkaibigan na lang hanggang ngayon.

And Arvin truly fell in love with a woman named Angelique. Pero kinuha ni Kamatayan ang babaeng inakala nitong siyang makakasama nito sa buhay. Vehicular accident ang ikinasawi nang maaga ng nobya nito. Iyon ang dahilan kung bakit naroroon ngayon si Arvin sa Baguio at tila ikinulong na ang sarili sa ginawa nitong sariling mundo.

Pero hindi na niya kailangang ikuwento pa kay Rick ang tungkol doon.

---

Lalong lumalalim ang curiosity ni Rick tungkol sa Arvin na iyon. Lumalalim din ang interes niyang makaharap at makilala ito. Bakit may pakiramdam siyang hindi lang ito basta kababata ni Chat? Na napakaespesyal ng tingin dito ng dalaga?

*Ano ba ang pakialam mo kung sakali sa relasyon ng dalawa?* patuyang tanong ng isang bahagi ng isip

niya.

Lihim na napailing na lang siya.

Nang ipasyal niya kanina si TJ ay naitanong niya rito ang tungkol kay Arvin. Wala siyang gaanong nalaman dito maliban sa malapit na malapit sa isa't isa sina Arvin at Chat. Na mahal na mahal daw ito ng Kuya Arvin nito at mabait daw ang lalaki. Hanggang doon lang.

Ilang sandali pa ay tapos na siyang kumain. "Can I excuse myself for a while? I have to make an important call," paalam ni Rick, partikular kay Chat. Bigla niyang naalalang kailangan niyang tawagan sinuman sa mag-asawang Sharon at Gabby upang ipagbigay-alam sa mga ito na naroon na siya sa *Maravilla House* at walang dapat ipag-aalala ang mga ito dahil nasa mabuting kalagayan siya.

Isang maliit na traveling bag lang ang bitbit niya kaya tiyak na inaasahan ng mga ito na pinakamatagal na ang dalawa o tatlong araw ng pag-stay niya roon. He would have to let them know of his change of plan. Plano niyang doon na mag-spend ng Christmas, na alam niyang tututulan nang husto ni Sharon. Hindi ito sanay na hindi sila magkasama tuwing Pasko at Bagong Taon. Kahit noong mag-asawa na ito.

“Of course,” tugon ni Chat sa kanya. “TJ, ubusin mo na ’yang pagkain mo. Huwag mong paglaruan ’yang papaya sa plato mo. Matuto kang kumain ng gulay nang tumaba ka naman,” saway nito sa kapatid.

Napatingin si TJ sa kanya. Nang tanguan at ngitian niya ang bata upang sumunod sa Ate Chat nito ay mabilis na tumalima ito sa utos ng kapatid. Ipinagpatuloy na nito ang pagkain.

Nasiyahan si Rick. Sa maikling sandali ay nahuli na kaagad niya ang loob ng bata. On their short drive out, he found out that TJ was an intelligent and discerning little boy. At sa hindi niya maipaliwanag na dahilan, nais niyang magabayan ito sa paglaki, katulong ng nakatatandang kapatid nito.

### 3

Sa paghahanap ng tahimik na lugar ay natagpuan ni Rick ang sarili sa maliit na office-cum-library ng *Maravilla House*. Bahagyang nakabukas kasi iyon kaya hindi na siya nangiming pumasok. Simple lang ngunit malinis ang nasabing lugar. Puno ng iba't ibang klaseng libro ang isang malaking bookshelf na nasa isang gilid. Nakita rin niya ang computer set, ang dalawang silya at mesang gawa sa rattan. Ngunit ang labis na pumukaw ng atensyon niya ay ang mga picture frames na naka-display sa ibabaw ng isang chest of drawers.

May ilang litrato ni TJ mula noong baby pa ito hanggang ngayong pitong taon na. Mayroong family pictures—*isang couple na obviously ay ang yumaong mga magulang nina Chat at TJ. Kandong ng ina ang bagong silang na si TJ at nakayakap naman si Chat sa ama nito. Base sa mga litrato, halatang daddy's girl ang dalaga.*

Kompleto rin ng mga larawan ng mahahalagang events sa buhay ng dalaga. Para na rin niyang nasaksihan ang naging paglaki nito hanggang sa ma-develop ito sa pagiging ganap na babae. Higit itong

gumanda ngayon.

Naputol lang ng pagtikhim ang pagbusog niya sa kanyang mga mata ng magagandang larawan ni Chat.

“Nakatawag ka na ba sa dapat mong tawagan? Okay sana rito dahil tahimik at maayos mong makakausap sinuman ang tatawagan mo sa cellphone mo pero hindi maganda ang signal dito, eh,” ani Chat. Obviously, ito ang tumikhim.

Nakaramdam si Rick ng pagkapahiya na nahuli siya ng babae na titig na titig sa mga litrato nito, ngunit hindi siya nagpahalata. “Hindi pa nga. Naaliw kasi ako sa mga pictures ni TJ,” pagdadahilan niya. It was a relief that she didn’t look accusing.

Tumango ang dalaga. Tuluyan na itong pumasok sa silid, lumapit sa chest of drawers at dinampot ang isang picture frame ng kapatid. “He’s my gem and my inspiration,” anito habang nakatitig sa litrato.

Nagkaroon siya ng pagkakataong mapagmasdan ito nang malapitan at malaya nang tila mahulog ito sa kung anumang pagbabalik-tanaw.

She looked young and vulnerable at that moment. Bagaman nasa hustong gulang na si Chat, sa tingin niya ay hindi pa nito kakayanin ang lahat ng responsibilidad na naiwan dito. Malakas ang

udyok ng damdamin niyang kabigin ito at ikulong sa kanyang mga bisig.

He wanted to kiss her pinkish, slightly parted lips—

*What the hell!* sigaw niya sa isip. Kaagad niyang pinutol ang paglulumikot ng utak. Bakit ba mula nang makilala niya ang babaeng ito ay naging ganito kapilyo ang isip niya?

Biglang tumingin si Chat sa kanya. Napakunot-noo ito, marahil ay dahil sa nakitang ekspresyon sa mukha niya na walang kangiti-ngiti. Siguro ay naipagkamali nitong hindi niya nagustuhan ang biglang pagsulpot nito kaya dali-daling nagpaalam na.

“I’ll leave you to make your call, but I suggest na doon ka na lang sa garden. Mas malakas ang signal doon kesa dito,” sabi ng babae.

Hindi pa niya nahahamig ang sarili dahil sa naramdaman niya rito kani-kanina lang kaya hindi na niya ito nagawang pigilan.

Napabuntong-hininga na lamang si Rick habang sinusundan ng tanaw ang palabas na dalaga. Hindi siya mailap sa mga babae gaya ng ipinararatang sa kanya ni Sharon mula nang magkahiwalay sila ni

Rose Ann. The truth was, he had been attracted to women, desired them... and made love to them. Pero ang mga babaeng iyon ay iyong tanggap kung anong klaseng relasyon lang ang maibibigay niya. After Rose Ann, he was not yet ready to get into another serious relationship.

At ang babaeng katulad ni Chat ay hindi nararapat sa klase ng relasyong kaya niyang ibigay.

*You should really leave this place as soon as possible, Rick, sabi ng isang bahagi ng matinong pag-iisip niya. Iyon ang dapat mong gawin bago pa makagulo sa buhay mo si Charito Maravilla.*

Minabuti niyang pumunta sa hardin upang tawagan si Sharon sa kanyang cellphone.

“Oh, hello, my dear kuya. Mabuti naman at naisipan mong tumawag. Kung hindi ka pa nga tumawag ay kami na ang tatawag ni Gabby,” masiglang bungad ng kapatid nang sagutin nito ang tawag niya sa CP nito.

“Sorry kung hindi agad ako nakatawag, sis.”

“Nariyan ka na ba sa *Maravilla House*?”

“Yes,” matipid na sagot ni Rick.

“How did you get on?” kaagad na usisa nito.



“Okay naman ba ang pakikiharap ni Miss Maravilla sa iyo kahit nang malaman niyang—”

“Saka na natin pag-usapan ang tungkol diyan pagbalik ko, okay?” maagap na putol niya. “Gusto ko lang malaman n’yo na okay ako rito. Ikaw na ang bahalang magbalita sa asawa mo.”

“Okay. Ikaw ang bahala.” Hindi na ito nagpilit pa. Kilala na kasi siya nito na kapag nagdesisyon ay hindi na mapipilit pa.

“Pero...” Nag-atubili si Rick. Gusto sana niyang sabihin dito na malamang ay ma-extend ang pananatili niya sa Baguio. Na hindi pa siya makakauwi sa susunod na araw. Pero nagtatalo ang kalooban niya. Kung magtatagal siya roon ay para na rin niyang hinahayaang magulo ang buhay niya ng isang Charito Maravilla. “I’ve decided to extend my stay here. Siguro after Christmas na ako babalik ng Manila.” Iyon ang lumabas sa bibig niya. Higit na nanaig ang gusto ng kalooban niya kaysa ng isip.

Mula sa kabilang linya ay narinig niya ang pagbuntong-hininga nito. “Noon pa namin sinasabi sa iyong mag-take ng long vacation, Kuya. Mabuti naman at naisipan mo ring magbakasyon. Although mami-miss ka namin dahil ito ang unang pagkakataon na hindi ka namin makakasama sa Noche Buena. Don’t

forget to always wear a jacket, huh? Kung dito nga sa Manila ay sobrang lamig na, tiyak na lalo diyan sa Baguio.”

Hindi na bago kay Rick ang pagiging malambing at maalalahanin ng kapatid niyang babae, pero hinaplos pa rin ang puso niya ng mga narinig niya mula rito. “Opo, Ate,” napapangiting biro niya. He was already missing his lovable sister.

---

*Sino kaya ang kausap ng lalaking ito at parang bukayo sa tamis ang pagkakangiti? naitanong ni Chat sa sarili habang pasekretong nakatanaw kay Rick mula sa bintana ng kuwarto niya. Nakaupo ang lalaki sa isa sa silyang bakal ng garden set at may kausap sa cellphone nito.*

*Siguro ay asawa niya, hinuha ng dalaga. Hindi niya maintindihan kung bakit napasimangot siya sa naisip na iyon. Base sa tamis ng pagkakangiti nito, duda siyang lalaki ang kausap nito. Kaya siguro naghanap ito ng tahimik na lugar ay para hindi ito maistorbo sa pakikipag-usap.*

*Pero hindi naman siya mukhang may-asawa na, kambyo ng isang bahagi ng isip ni Chat. Siguro girlfriend. Imposibleng wala siyang girlfriend. Ano*

*kayang klaseng babae ang type ng lalaking ito? Hindi na niya napigilan ang paglikot ng kanyang isip. Tiyak na hindi lang basta maganda ang babaeng iyon, moderna at sopistikada pa.*

*Modern at sophisticated woman na malayung-malayo sa iyo, tila panunudyo ng isa pang bahagi ng utak niya.*

*Ano ba ito? Kung anu-anong kalokohan ang pumapasok sa isip ko, sermon niya sa sarili. Bakit ba niya ikinukumpara ang sarili sa kung sinumang nobya ng Rick na ito? In the first place, ano ba ang pakialam niya sa personal na buhay nito?*

“Ate Chat!”

Naputol ang lihim na pagtanaw niya sa kanyang tenant mula sa bintana dahil sa malakas na pagtawag ni TJ. Nalingunan niya itong nakapamaywang habang nakasandal sa frame ng pinto ng kanyang silid.

“At kailan ka pa natutong sigawan ang ate mo, ha?” nakataas ang kilay niyang puna sa kapatid. Maagap na inayos niya ang pagkakaladlad ng kurtina sa takot niyang makita nito kung sino ang tinatanaw niya bago niya pinamaywangan din ito.

Napakamot ito sa ulo. “Kasi naman, Ate, paanong hindi ko lalakasan ang boses ko, kanina pa ako tawag

nang tawag sa iyo, hindi mo naman ako naririnig? Ano ba kasi 'yang tinitingnan mo diyan sa bintana?" Humakbang ito palapit sa kinatatayuan niya.

Napahumindig si Chat. Baka kapag nakita nito na ang bagong tenant nila ang tinatanaw niya ay mag-iisip ito ng kung anong kalokohan. Masyadong mature ang pag-iisip ng kapatid niya kumpara sa edad nito.

Pero higit na mabilis ang kilos ng paslit. Bago pa niya ito mapigilan ay nahawi na nito ang kurtina. Kaagad nitong nakita si Rick na hanggang ngayon ay abala pa rin sa pakikipag-usap sa cellphone nito.

"Si Kuya Rick pala. Bakit parang binabantayan mo ang kilos niya, 'Te? Ayaw mo ba siya rito?" sabi ni TJ. Base sa ekspresyon ng mukha ng bata, obviously ay hindi ito nag-iisip na gaya ng iniisip niya. It was just an innocent comment from her brother.

Umiling siya. "Ano naman ang dahilan para gawin ko iyon? Lalo na kung mukhang kasundung-kasundo mo siya. Isa pa, nagbayad siya ng pag-stay niya rito. Ito ang negosyo natin kaya hindi ako dapat mainis sa kanya, di ba?"

"Siyempre naman. Pogi na nga siya, mabait pa. At gustong-gusto ko talagang umangkas sa kotse niya!" bulalas nito na parang bigla ulit na-excite sa naisip.

Natatawang ginulu-gulo niya ang buhok nito. “Ikaw talagang bata ka.”

“Sana nga totoong kuya ko siya. Naiinggit kasi ako sa mga classmates kong may big brother, eh. Marami ngang naikuwento sa akin si Kuya Rick habang namamasyal kami.”

Muling tumaas ang isang kilay ni Chat. Ang tipo ng lalaking iyon, nag-exert ng effort na magkuwento sa kapatid niyang pitong taong gulang lang? Parang mahirap paniwalaan. “Talaga? Ano-ano naman ang ikinuwento niya sa iyo?” Biglang nabuhay ang interes niyang malaman ang ilang bagay tungkol sa lalaking gumugulo sa isip niya.

“Na mahilig siyang mag-play ng golf at tennis. Promise nga niya sa akin, tuturuan niya raw akong mag-golf,” kuwento ng paslit. Tila kumikislap ang mga mata nito sa excited na pagbibida sa bagong kaibigan. “Sharon ang pangalan ng younger sister niya na may-asawa na. Cassie naman ang pangalan ng pamangkin niya. At saka—”

“Siguro panay ang tanong mo sa kanya at napilitan lang siyang sagutin ka?” pag-interrupt niya rito. “I’ve told you not to intrude on the privacy of the people who stay here,” paalala niya sa nanenermong tono.

Napalabi ito. “Hindi naman po ako nag-intrude sa buhay ni Kuya Rick, Ate. Saka excited pa nga siyang magkuwento sa akin nang magtanong ako, eh,” katuwiran nito.

Hindi siya nagduda sa sinabi ng bata. Kapansin-pansin ang pagiging malapit nina Rick at TJ sa isa’t isa.

Pero pinagsabihan pa rin niya ito. “All right, naniniwala naman ako sa iyo. But next time, huwag kang masyadong maging matanong sa pribadong buhay ng taong hindi mo pa gaanong kilala, okay?” bilin niya. Inakbayan niya ang kapatid at iginiya palabas ng kanyang silid.

Tumango ito.

Kung aaminin ni Chat sa sarili, gusto niya ring malaman ang maraming bagay tungkol kay Rick. Pero wala siyang intensyong magtanong kay TJ ng iba pang ikinuwento rito ng lalaki.

“Alam mo ba, Ate, gusto nga rin po ni Kuya Rick na makilala ang pamilya natin, eh.”

Nang marinig iyon, kamuntik nang sumala ang isang paa niya sa baitang ng hagdanan habang pababa sila. Napahinto siya sa pagbaba at napatingin siya sa kapatid. “Nagtanong din ba siya sa iyo? Ano-

ano ang sinabi mo?”

“Sabi ko, tayong dalawa na lang ang magkasama dahil iniwan na tayo nina Daddy at Mommy. Na ikaw na rin ang may-ari nitong *Maravilla House*. Na—”

“TJ, wala naman tayong dapat itago, pero hindi ka dapat nagkukuwento ng tungkol sa personal na buhay natin sa ibang tao lalo na kung hindi pa natin gaanong kilala,” mahinahong pagpapaliwanag ni Chat. Naaliw siya sa huling sinabi nito na siya ang nagmamay-ari ng transient house. Iyon ang pakuhulugan ng musmos pang isip nito sa pagma-manage niya sa *Maravilla House*. Of course, sa kanilang magkapatid iyon iniwan ng kanilang yumaong mga magulang.

“Kilalang-kilala ko na po si Kuya Rick. Marami pa siyang ikinuwento sa akin,” pangangatuwiran nito.

Napabuntong-hininga na lamang siya kaysa makipag-argumento pa sa kapatid.

---

Nagising si Rick nang umagang iyon, hindi dahil sa alarm ng cellphone niya, kundi sa napakabangong aroma ng nilagang kape. Pagmulat niya ng mga mata, nasorpresa siya nang hindi pamilyar na kuwarto ang bumungad sa kanya. It took a few seconds before he realized that he was in Baguio, to be specific, at the

Nakita niya ang tasa ng brewed coffee na gumising sa kanya, nakapatong sa bedside table. Sakto lang ang laki ng kinaroroonan niyang kama. Naging komportable naman siya roon. Nahagip din ng mga mata niya ang orasang nasa dingding; alas ocho y media na pala. Sa pagkakatanda niya ay iyon ang unang pagkakataong nagising siya nang late. Sa hectic schedule niya sa Manila, pinaka-late na niyang gising ang alas siete ng umaga. Kung hindi pa siya nagpunta ng Baguio ay hindi pa niya mararanasan ang ganoong kapritso sa pagtulog.

Kinuha niya ang coffee mug at lumagok. It was still refreshingly hot. At talagang napakasarap. Walang binatbat ang mga cappuccino at kung ano-ano pang mamahaling kape na ino-order niya sa mga de-klaseng coffee shop sa Manila.

*Sino kaya ang naghatid ng kape sa kuwarto ko?* naitanong niya sa sarili. Malamang ay si Chat ang naghatid ng kape. Wala kasing asukal ang kape gaya ng sinabi niya rito nang nakaraang gabi nang ipagtimpla siya nito. Mabuti na lang, naka-boxer shorts at t-shirt siya, hindi naka-briefs lang gaya ng nakaugalian niya tuwing matutulog siya sa silid niya sa condo. Kung nagkataon, tiyak na maeskandalo



ang dalaga.

Maisip pa lang niya si Chat ay nakaramdam kaagad siya ng di-maipaliwanag na pagkasabik na makita ito. Inubos na niya ang kape at tinungo ang banyo sa kanyang silid para maligo.

---

“Good morning, Rick.”

Bahagya pang nagulat ang binata nang maabutan niya si Chat sa sala. T-shirt at walking shorts na hanggang tuhod lamang ang suot nito. Inipon nito ang buhok sa isang ponytail. Sa hawak nitong basahan at walis, at sa alikabok na kumapit sa namumulang pisngi nito, halatang naglilinis ito.

*She looks very domesticated, but still very beautiful...* humahangang sabi niya sa isip. At sa halip na makabawas sa kagandahan nito ang duming nasa mukha nito, tila lalo itong gumanda nang mga sandaling iyon.

Sa tuwing makikita niya si Chat ay tila buhay na buhay ang lahat ng kanyang pandama. It was an experience completely beyond his control.

“M-may dumi ba ako sa mukha?”

Ang tanong na iyon ng dalaga ang bumasag sa

parang hypnotic trance na bumalot sa kanya. Halata sa mukha nito na nailang ito sa walang habas na pagtitig niya. “Uhm... oo, may kumapit na alikabok sa pisngi mo.” Bago pa nito magawang kumilos, hindi na niya napigilan ang sarili sa sumunod na naging pagkilos. Mabilis na lumapit siya sa babae at buong suyong pinunasan niya ng kanyang mga daliri ang dumi sa pisngi nito. Parang ayaw pa nga niyang alisin ang kamay roon. May kung anong init siyang naramdaman mula sa mala-sutlang balat nito na gumapang sa kanyang buong katawan.

“M-mag-almusal ka na...” halos pabulong na saad ng babae. Pulang-pula ang mukha nito. Binitiwang ni Chat ang walis at basahang bago mabilis na humakbang patungo sa komedor.

Habang nakasunod dito si Rick ay pinagalitan niya ang sarili sa pangahas na kilos. Baka mamaya, sa halip na mapalagay ang loob ni Chat sa kanya ay mailang at maging mailap ito sa kanya. Ayaw niyang mangyari iyon.